



ABISO SA PAMPUBLIKONG PAGLILITIS

upang Isaalang-alang ang
Ipinapanukalang Pagtaas ng Rate para
sa Mga Refuse Service

Martes, Hunyo 6, 2023, 6:00 p.m.

Panukala 218

Alinsunod sa Artikulo XIII D ng Saligang Batas ng California at Proposition 218 Omnibus Implementation Act, nagbibigay ang Lungsod ng National City (ang "Lungsod") ng abiso na magkakaroon ng pampublikong paglilitis sa Martes, Hunyo 6, 2023, nang 6:00 PM, o sa lalong madaling panahon pagkatapos nito kapag maaari na itong mapag-usapan, sa regular na nakaiskedyul na pagpupulong ng Sangguniang Panlungsod. Gaganapin ang pampublikong paglilitis sa Kamara ng Sanggunian na nasa loob ng Munisipyo, sa 1243 National City Boulevard, National City, California, 91950.

Dahilan ng Ipinapanukalang Pagtaas ng Rate

Ipinapanukala ang pagsasaayos ng rate dahil sa mga tumataas na gastusin sa pagbibigay ng mga refuse service sa mga residensyal at komersyal na user bilang resulta ng mga pagbabago sa Consumer Price Index (CPI), mga bayarin sa landfill, mga kahalagahan ng pag-recycle, at mga organikong materyal. Kung maaaprubahan, tataas nang \$1.89 bawat buwan ang mga pangunahing rate ng panresidensyal na serbisyo, nang may 20% diskwento para sa mga kwalipikadong senior citizen, at tataas nang \$0.23 bawat bag ang Senior Silver Bag Service. Kung maaaprubahan, tataas ang pangunahing serbisyo sa basura para sa mga komersyal na rate para sa 3 yard na basurahang sineserbisyuhan nang isang beses bawat linggo. Huling binago ang mga rate na ito noong Hulyo 1, 2021 at kung maaaprubahan, magkakaroon ng bisa ang mga rate na ito sa Hulyo 1, 2023.

Panresidensyal na Serbisyo	Kasalukuyang Buwanang Rate (Magkakabisa sa 7/1/21)	Ipinapanukalang Buwanang Rate (Magkakabisa sa 7/1/23)
Batayang Rate	\$23.43	\$25.32
Rate ng Diskwento para sa Senior	\$18.75	\$20.26
Rate ng Silver Bag	\$2.87 bawat bag	\$3.10 bawat bag

Pinapayagan ng seksyon 53756 ng California Government Code ang paggamit ng iskedyul ng mga bayaring nagpapahintulot sa mga awtomatikong pagsasaayos sa loob ng hindi lalampas sa limang taon. Bilang bahagi ng paglilitis na ito, isasaalang-alang ng Lungsod na pahintulutan ang mga taunang awtomatikong pagsasaayos dahil sa inflation sa hinaharap sa mga rate ng pagtatapon ng solid waste/pag-recycle sa loob ng limang taon batay sa mga pagbabago sa CPI, mga bayarin sa landfill, mga kahalagahan ng pag-recycle, at mga organikong materyal.

Bilang karagdagan, makakatanggap ang Lungsod ng Bayarin sa Franchise na bahagi ng mga kita ng EDCO. Upang masuportahan ang mga kasalukuyang programa at makapagbigay ng bagong pagpopondo para sa kinakailangang programming ng SB 1383, ipinapanukala ang Mga Bayarin sa Franchise upang mapataas ito sa 12.5% mula sa 10% sa loob ng apat na taon gaya ng sumusunod. Sa Hulyo 1, 2024, tataas ang Mga Bayarin sa Franchise nang 1%, sa Hulyo 1, 2025, tataas ang Mga Bayarin sa Franchise nang 0.5%, sa Hulyo 1, 2026, tataas ang Mga Bayarin sa Franchise nang 0.5%, at sa Hulyo 1, 2027, tataas ang Mga Bayarin sa Franchise nang 0.5%.



Pamamaraan ng Pagtutol

Maaaring maghain ang nakatalang may-ari ng ari-arian ng nakasulat na pagtutol sa mga ipinapanukalang pagsasaayos ng rate. Hindi kailangang dumalo sa pampublikong paglilitis ang mga may-ari ng ari-arian upang makapaghain ng pagtutol. Maaaring ipadala ang mga pagtutol sa pamamagitan ng koreo sa: Klerk ng Lungsod, 1243 National City Boulevard, National City, California 91950. Kung tututol sa pamamagitan ng pagpapadala sa koreo, pakisulat sa harap ng sobre na ang nakalakit na liham ng pagtutol ay para sa mga ipinapanukalang pagbabago sa refuse disposal at pagtatapon ng basura. Dapat matanggap ang lahat ng pagtutol bago ang pagtatapos ng bahaging pampublikong komento ng pampublikong paglilitis sa Hunyo 6, 2023. Hindi isasama ang anumang pagtutol na matanggap pagkatapos ng petsa at oras na iyon, kahit na naselyuhan ang mga ito sa o bago ang petsang iyon.

Hindi rin isasama ang anumang natanggap na pagtutol sa pamamagitan ng e-mail, fax, o iba pang elektronikong paraan. Dapat ay lagda ng nakatalang may-ari ng ari-arian ang nasa pagtutol at orihinal dapat ang kanyang lagda. Hindi isasama ang mga pagtutol na may mga kopya ng mga lagda. Hindi kwalipikado bilang pagtutol ang mga pasalitang komento, maliban kung may kasamang nakasulat na pagtutol ang mga ito. Bagama't maaaring dumalo sa pampublikong paglilitis ang mga customer na nakatira sa ari-ariang pagmamay-ari ng iba, isasama lang ng Lungsod ang mga nakasulat na pagtutol na inihain ng mga may-ari ng ari-arian. Isang valid na pagtutol lang bawat parcel ang tatanggapin.

Upang tanggapin, naglalaman dapat ang bawat pagtutol ng sumusunod:

1. Isaad na hindi sumasang-ayon ang nakatalang may-ari ng ari-arian sa mga ipinapanukalang pagsasaayos ng rate.
2. Tukuyin ang lokasyon ng parcel ayon sa address ng kalye, assessor's parcel number (APN) na nakalista sa label ng address sa inyong sobre, o account number ng Lungsod.
3. Ibigay ang naka-print na pangalan at orihinal na lagda ng may-ari ng ari-arian na nagsusumite ng pagtutol.
4. Kung gusto ninyong tumutol at marami kayong ari-arian, maaari kayong maghain ng isang valid na pagtutol para sa bawat parcel na pagmamay-ari ninyo. Isang pagtutol lang bawat parcel ang tatanggapin. Halimbawa, kung nagmamay-ari kayo ng limang parcel at gusto ninyong maghain ng mga pagtutol para sa bawat isa sa mga ari-arian ninyo, dapat kayong maghain ng limang magkakahiwalay na pagtutol.
5. Kung gusto ninyong tumutol at kung ang inyong parcel ay pagmamay-ari ng mahigit isang tao, o ng korporasyon, o iba pang legal na entity, maaari lang kayong maghain ng isang pagtutol para sa parcel na iyon. Dapat magbigay ng tamang dokumentasyong nagpapakitang may pahintulot ang taong lalagda sa pagtutol na lumagda sa ngalan ng iba pang may-ari, korporasyon, o legal na entity.
6. Kung hindi wala ang pangalan ng may-ari ng ari-arian sa huling listahan ng equalized assessment ng San Diego County bilang nakatalang may-ari, dapat kayong magbigay sa Lungsod ng sertipikadong kopya ng naitalang deed.

Ang mga indibidwal na may mga kapansanan, na nangangailangan ng naaangkop na tulong sa ilalim ng Americans with Disabilities Act upang makalahok sa pampublikong paglilitis, ay dapat makipag-ugnayan sa Tanggapan ng Klerk ng Lungsod nang mas maaga sa pampublikong paglilitis hangga't maaari.

Kung mayroon kayong anumang tanong tungkol sa prosesong ito, o sa abisong ito sa pangkalahatan, mangyaring makipag-ugnayan sa Engineering / Public Works Department sa 1243 National City Boulevard, National City, CA 91950 o sa pamamagitan ng pagtawag sa (619) 336-4580.

Na-post noong: Abril 21, 2023
Shelley Chapel, MMC,
Klerk ng Lungsod

Engineering & Public Works Department
1243 National City Boulevard, National City, CA 91950-4301
619/336-4380 Fax 619/336-4397 www.nationalcityca.gov